Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon III
**TANGGAPANG PANSANGAY NG BULACAN**

Oktubre 13, 2022

Para sa: Hepe ng CID
Puno ng mga Paaralang Elementarya at Sekondarya
at sa iba pang KInauukulan

Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan sa pamamagitan ng Provincial History, Arts, Culture and Tourism Office (PHACTO) ay naglunsad ng proyektong SINEliksik Bulacan sa Eskwelahan noong Agosto 26, 2022. Nakapaloob sa gawaing ito ang pagbuo ng SINEliksik Bulacan Module na nagtatampok ng mga kwento ng kabayanihang Bulakenyo.

Kaugnay nito ay maglulunsad ng Pansangay na Writeshop para sa pagsasapinal ng SINEliksik Bulacan Modules na gaganapin sa Oktubre 20 – 21, 2022 sa Guiguinto Central School, Guiguinto, Bulacan. Ang mga dadalo sa gawaing ito ay ang mga piling Punongguro at Guro na nagsilbing manunulat, tagaguhit , tagalapat at tagasuri sa unang writeshop.

Inaasahan na ang mga gawain ng napiling guro sa bawat paaralan habang nasa writeshop ay maayos na naiplano ng mga namamahala sa paaralan.

Ipagbibigay alam ang listahan ng mga piling kalahok sa mga PSDS at mga Pandistritong Tagapayo sa Araling Panlipunan.

Ang liham na ito ay magsisilbing Pahintulot ng Paglalakbay ng bawat dadalo.

Kalakip ng sulat na ito ang sulat paanyaya na nagmula sa Panlalawigang Tanggapan ng Kasaysayan, Sining, Kultura at Turismo.

Inaasahan ang inyong pagbibigay pansin sa bagay na ito

**ROWENA T. QUIAMBAO, CESE**
Assistant Schools Division Superintendent
Officer-In-Charge
Office of the Schools Division Superintendent

**LIHAM PANSANGAY**
Blg. 091, s. 2022

PHACTO RELEASED
DATE: OCT 12 2022
CONTROL NO.: #22-321

DepEd - SDO of Bulacan
RECEIVED
OCT 13 2022
By:

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN
LUNGSOD NG MALOLOS

PANLALAWIGANG TANGGAPAN NG KASAYSAYAN, SINING, KULTURA AT TURISMO

DepEd-SDO of Bulacan Office of the SDS
RECEIVED
OCT 13 2022
By:
Time: 10:10

Oktubre 12, 2022

**GNG. ROWENA T. QUIAMBAO**
Assistant Schools Division Superintendent
Officer-In-Charge
Office of the Schools Division Superintendent
DepED, Dibisyon ng Bulacan
Lungsod ng Malolos, Bulacan

Mahal na **Gng. Quiambao:**

Pagbati sa ngalan ng Kasaysayan at Pamana ng Bulacan!

Mula nang pinasimulan ang programang SINEliksik Bulacan, naiangat po nito ang antas ng kamalayan at pagpapahalaga ng bawat Bulakenyo sa lokal na kasaysayan at pamana ng lalawigan. Ito po ay proyekto ng Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan sa pamamagitan ng Provincial History, Arts, Culture and Tourism Office (PHACTO) na naglalayong maikintal ang pagkamakabayan sa mga Bulakenyo sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga dokumentaryong pelikula, pamanang aklat at poster mula noong 2017 hanggang sa kasalukuyan.

Noong Agosto 26, 2022 ay inilunsad ang proyektong SINEliksik Bulacan sa Eskwelahan at isa po sa mga nakapaloob na gawain dito ay ang pagbuo ng SINEliksik Bulacan Module na nagtatampok ng mga bayaning Bulakenyo. Sa pakikipagtulungan sa inyong AP Supervisor na si Dr. Virgilio L. Laggui, ang mga modyul po ay nasa huling yugto ng pagsusuri kasama ang production team na mula sa aming tanggapan sa pangunguna ni Dr. Jaime B. Veneracion.

Kaugnay nito, magalang po naming hinihiling ang pagdalo ng mga guro na nagsilbing mga manunulat, tagaguhit at tagalapat kasama rin si Dr. Virgilio L. Laggui para sa *finalization* ng SINEliksik Bulacan Module sa Oktubre 20-21 taong kasalukuyan sa Guiguinto Central School.

Inaasahan po namin ang inyong positibong pagtugon sa aming kahilingan. Maraming salamat po sa inyong patuloy na pagsuporta sa programang SINEliksik Bulacan at mga gawaing pangkasaysayan ng lalawigan ng Bulacan.

**PHACTO RELEASED**
DATE : ____________________
CONTROL NO.: ____________________



## PANLALAWIGANG TANGGAPAN NG KASAYSAYAN, SINING, KULTURA AT TURISMO

Sumasainyo,

**DR. ELISEO S. DELA CRUZ**
Pinuno